# Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 24

"7 Mapalad ang mga mahabaging: sapagkat sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7)

Tayo ay magpapatuloy upang malaman natin kung paano ang Diyos ay nagpakita ng habag upang ating makuha kung paano magpakita ng habag sa iba.

Bilang ang Diyos ay mahabagin, ganon din tayo ay dapat maging mahabagin. Ang habag ng Ama ay dapat nasa ating buhay patungo sa iba. Ang pagpapakita ng habag ay sa pamamagitan ng pagkalinga sa mga nasaktan, nasa ilalim ng kawalan ng karapatan, nasaktan, o lumpo sa pamamagitan ng gawain ng kadiliman. Ang Banal na Kasulatan ay nagtuturo sa atin ng karagdagang mga puntos tungkol sa bagay na ito.

A. "30 Sumagot si Jesus at sinabi, Isang tao'y bumababa sa Jerico na mula sa Jerusalem; at siya'y nahulog sa kamay ng mga tulisan, na sa kaniya'y sumamsam at sa kaniya'y humampas, at nagsialis na siya'y iniwang halos patay na. 31 At nagkataong bumababa sa daang yaon ang isang saserdote; at nang makita siya ay dumaan sa kabilang tabi. 32 At sa gayon ding paraan ang isang Levita naman, nang dumating siya sa dakong yaon, at makita siya, ay dumaan sa kabilang tabi. 33 Datapuwa't ang isang Samaritano, sa kaniyang paglalakbay, ay dumating sa kinaroroonan niya: at nang siya'y makita niya, ay nagdalang habag, 34 At lumapit sa kaniya, at tinalian ang kaniyang mga sugat, na binuhusan ng langis at alak; at siya'y isinakay sa kaniyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at siya'y inalagaan. 35 At nang kinabukasa'y dumukot siya ng dalawang denario, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya, at ang anomang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko. 36 Sino sa tatlong ito, sa akala mo, ang nagpakilalang kapuwa tao sa nahulog sa kamay ng mga tulisan? 37 At sinabi niya, Ang nagkaawanggawa sa kaniya. At sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka, at gayon din ang gawin mo." (Lucas 10:30-37)

Ang talata ay nagsasabi tungkol kung paano ang pari at ang Levita ay iniwasan ang halos patay na biktima ngunit ang Samaritanong lalaki noong nakita niya ang biktima siya sumagot sa tawag ng Diyos at kumilos at ginawa ang kinakailangan. Ang Samaritano ay nakita ang pagkakataon upang maglingkod at gumawa ng kabutihan. Ang Samaritano ay mahabagin sa lalaki at ipinakita niya ang kanyang awa. Ang mga sumusunod na puntos na iyong malilinang pa mula sa kuwento ng mabuting Samaritano at kung paano ginawa ang kanyang bahagi upang tulungan ang biktima.

1. Upang ipakita ang habag ay alisin ang biktima mula sa lugar ng panganib. Ito ay mahalagang bagay na unang gawin bilang pangunang lunas ay alisin ang mga tao na ating inaabot at tinutulungam mula sa kamay ng magnanakaw, mga kriminal, manloloko, at mula sa kahit anumang mga bagay na nagpapalala ng kanilang kalagayan at magpapalala pa lalo. Kailangan nating alisin ang mga tao mula sa epekto ng mga manggagamit, pagaaksaya ng pera, walang katarungan, maling pagpapayo, at mula sa mga nangaabuso sa kanila. Ito ay katulad ng pagaalis na nasunog na pasyente mula sa apoy. Bilang pagkilos mo upang mabuhay para kay Jesus makakakilala ka ng mga taong nasa ilalim ng kakulangan sa karapatan, at bilang alagad ni Jesus, tapos ikaw ay tinawag upang tulungan ang mga tao na iyong nakakasalamuha at upang palayain sila mula sa kamay ng demonyo at mga bisyo nito at mula sa kamay ng mga kinakasangkapan ng demonyo.

Ikaw din ay tinawag upang palayain ang mga biktima mula sa masamang epekto ng mga pangyayari at mula sa kamay na mga mapanakit na mga tao. Ang Samaritano ay inilagay ang biktima sa ligtas na lugar, "at dinala sa bahay-tuluyan" (Lucas 10:34) Kailangan nating magpakita ng habag para sa mga sinasaktan ng diyablo, sa kaniyang bisyo at sa kanilang kinakasangkapan sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa ligtas na lugar upang silay gumaling ng mapayapaya at malasap ang kabutihan ng Panginoon sa kanila.

2. Harapin ang biktima ng direkta at hindi sa pamamagitan ng panandalian; Mayroong marami sa katawan ni Cristo na nangongolekta ng pera sa pangalan ng Panginoon upang tulungan ang mga biktima, at mga nasugatang tao, Ngunit ang mga tao ang maaring katulad ng mga pari o ng Levita sa Banal na Kasulatan na ating nabasa, na nakakita ng biktima, kumukuha ng mga litarato para sa biktima, ibinabalita ang biktima, tinanggap ang pera ngunit sila'y walang ginawa para sa biktima.

3. Hindi mo magagamit ang iyong pera ng hindi mo inilalagay ng iyong mga kamay. Ang taong tumulong sa biktima na ating nabasa sa Banal na Kasulatan siya ay naglalakbay, noong nakita niya ang biktima, siya kumilos ng may pagkahabag. "34At lumapit sa kaniya, at tinalian ang kaniyang mga sugat, na binuhusan ng langis at alak;" (Lucas 10:34) Hindi natin maipapakita ang habag ng walang paglalagay ng ating mga kamay at gawin ang kinakailangan.

Bakit kailangan nating ilagay ang ating mga kamay? Kailangan nating ilagay ang ating mga kamay upang ating masuri ano ang nangyayari. Upang maipakita ang habag kailangan din nating makita ang sugat, at suriing mabuti ang pinsala doon at alalayan ang may kapansanan upang sa ganon malaman natin ano ang maibibigay na payo at ano ang desisyon na ating ibibigay upang tulungan ang biktima upang gumaling at makabawi. Maari nating maihatid ang ating habag kung makikita nating malinaw kung ano ang nasira at pinsala.

4. Ang pagpapakita ng habag ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng ating pisikal na pagsusumikap at handang pumunta sa pagdurusa: Ang Samaritanong tao ay ipinakita ang kanyang pagsusumikap; kinarga niya ang biktima at inilagay siya sa kaniyang asno hanggang mailagay sa bahay tuluyan, "at siya'y isinakay sa kaniyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at siya'y inalagaan." (Lucas 10:34) Walang panandaliang trabaho sa paglilingkod sa Panginoon at pagpapakita ng habag. Ang pagdurusa sa pagpapakita ng habag ay bahagi at kabuuan para sa mabisang pageebanghelyo at pagpapakita ng habag.

5. Upang maipakita ang habag ay kailangan mong maglaan kung itoy kinakailangan: "35 At nang kinabukasa'y dumukot siya ng dalawang denario, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya, at ang anomang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko." (Lucas 10:35) Mayroong panahon na kailangan nating maglaan ng pera upang maipakita ang habag at upang palawigin ng higit ang ating espirtuwal na pagmamalasakit at tingnan muli. Sa ganitong pangyayari kailangan nating gumastos.

Iyan din ay pagpapakita sa atin ng kahalagahan ng pagiipon upang ating maipakita ang awa, Kailangan nating magtabi ng kaunti halaga ng pera upang ating maipakita ang awa. Nang sa ganon tayo ay handa sa ating pinansyal upang maipakita ang awa sa mga tao.

6. Tingnan muli ay napakahalagang hakbang para maipakita ang awa. Ang Samaritanong tao ay sinabihan ang katiwala ng bahay -tulyuan "sa pagbabalik ko muli." (Lucas 10:35) Sapagkat kanyang nalalaman na kailangan niyang tingnang muli ang tao upang mabuo ang gawain na iniatas sa kanya ng Diyos sa buhay ng taong iyon. Ang pagpapahalga ay kinakailangan. Kailangan mong maintindihan na ang pagpapakita ng awa ay magiging mabisa kung ito sasamahan ng mabuting pagtingin muli at pagalalay sa mga tao at pagiingat para sa kanila.

Bagamat sa panahong ito ang mga tao ay sumasama ang loob kapag tinatawagan mo sila at sinusubaybayan sila at iniisip nila na ikaw ay nakikialam sa kanilang buhay na gusto mo silang kontrolin. Hindi ito ang ating motibo sa pagpapakita ng habag ngunit ang ating kagustuhan ay maparangalan ang Diyos at gawin ang mabuti para sa mga tao, ganon din bilang pagpapakita ng habag , ang pagsubaybay ay napakahalaga upang maisakatuparan ang hangarin.

7. Ang mabuting Samaritano ay may adhikain upang paluguran ang Diyos. Bagamat bilang Samaritano siya hindi gusto ng iba. Ang mga Judio ay tinutuligsa ang Samaritano, ngunit ito'y hindi naging balakid sa Samaritano mula sa pagpapakumbaba o pagpapahiya. Sa halip siya'y nagpatuloy upang gawin ang paglilingkod na ikalulugod ng Diyos, at malaman kung ano ang nakalulugod sa Panginoon. Hindi siya napuno ng kanyang galit, pagkabigo, pagmamaktol, kabiguan, pagaalinlangan tungkol sa kabutihan at katarungan ng Diyos. Kailangan natin gumaling mula sa pinsala at mahilom upang maipakita natin ang habag sa iba. Ang paulit na ulit na mga pinsala sa katawan ni Cristo ay maaring magiwan ng sakit sa atin at walang katatagan ng puso na mag atubili upang magbigay ng lunas, habag at tulong.

Kailangan nating pagsumikapan para ating kagalingan upang makapagpatuloy nating maipakita nag awa sa iba na inilagay ng Diyos sa atin upang alagaan. Alam ng Samaritano na ang kaniyang ginawa ay kalugod lugod sa

Panginoon at nakatanggap siya ng gantimpala mula sa Diyos. "23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao; 24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo." (Taga Colosas 3:23-24) Kaya, kapag tayo'y naglilingkod sa Diyos hindi natin hinihintay ang mga tao na tayo pahalagahan o tayo'y gantimpalaan, datawpuwat ito'y ginagawa natin para sa Panginoon na hindi kalilimutan ang ating paglilingkod at kung ano ang ginawa natin sa mga taong nagdurusa. "10 Sapagka't ang Dios ay hindi liko upang limutin ang inyong gawa at ang pagibig na inyong ipinakita sa kaniyang pangalan, sa inyong paglilingkod sa mga banal, at hanggang ngayo'y nagsisipaglingkod kayo." (Hebreo 6:10) Kapag tayo ay may adhikain upang paluguran ang Diyos makakaya nating ipagpatuloy ang pagpapakita ng habag at malasakit para sa mga taong nakapaligid sa atin at maging pagpapala sa katawan ni Cristo.

8. Ang mabuting Samaritano ay kumilos na may tamang pagiisip. Ang mabuting Samaritano ay kabaligtaran sa mga pari at sa Levita na may mahabagin at maawaing puso. Sa kabila ng katotohanan na siya ay naglalakbay at mayroong ilang trabaho na gawin, noong nakita niya ang biktima kumilos siya na may pagkahahabag upang tulungan siya at ginawa niya ang kaniyang parte na may kasigasigan at responsable tungo sa taong nangangailangan at patungo sa Diyos. Ang mabuting Samaritano ay maaring mayroong mahigpit na iskedyul at responsibilidad na dapat gampanan ngunit ang kanyang isip ay nagudyok sa tamang pagiisip at pagkilos. Ang Samaritano ay hindi nakatanggap ng anuman sa halip siya ang nagbigay. Ang kaniyang pagiisip ay maglingkod sa Diyos at gawin ang kaniyang bahagi upang tulungan ang biktima at ipakita ang habag sa kanya, Ang Panginoon ay nagbigay pa ng kaginhawaan at katagumpayan sa kanyang buhay: "Mapalad ang mahabaging: sapagkat siya'y kahahabagan." ( Mateo 5:7) Kaya sa parehong paraan habang tayo'y naglilingkod sa Diyos at ginagawa ang ating bahagi upang tumulong sa biktima at ipakita ang habag sa kanila, ang Panginoon ay magbibigay ng kaginhawaan at katagumpayan sa ating buhay.

9. Ang Mabuting Samaritano ay nagpakita ng mabuting pamamahala ng oras. Ang mabuting Samaritano ay nasa paglalakbay, ngunit noong makita niya ang sitwasyon ay nasa emergency, siya ay nakialam at ipinakita ang kagustuhan at interesado tungo sa biktima. Gayon pa man maayos niya napamahalaan ang kaniyang oras. Dahil hindi niya magawang magtagal kasama ng biktima sa maraming araw sa bahay tuluyan, "35 At nang kinabukasa'y dumukot siya ng dalawang denario, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya, at ang anomang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko." (Lucas 10:35) Kaya ginamit niya ang prinsipyo ng pagsugo sa tamang tao na kayang gawin ng maayos ang trabaho upang siya naman ay makaalis at tuparin ang lahat ng kanyang responsibilidad. Kaya naman sa katulad na paraan kailangan nating gamitin ang prinsipyo ng pagsugo at gamitin ang tamang tao na kayang gawin ng maayos ang trabaho upang tayo'y makapagpatuloy upang tuparin ang lahat ng ating responsibilidad sa buhay patungo sa Diyos at sa mga tao.

Ang Samaritano ay ginamit ang kaniyang pera upang bilhin ang oras. Marami sa mga tao ang hindi magawa upang maglingkod sa Panginoon ng maayos at ipakita ng awa sa iba dahil hindi nila kayang pamahalaan ng maayos ang kanilang oras at karagdaragan sila'y walang pagkukunan. Kaya naman kailangan nating pamahalaan ang ating oras at pinagkukunan ng maayos upang tayo'y maging handa upang maglingkod sa Diyos at maipakita ang awa sa mga tao na nasa pagdurusa at nangangailangan sa ating tulong.

Dito din ay pinapayuhan tayo na suriin ang ating iskeydul at tingnan ano ang kalabisan at hindi kailangang bagay at aktibidad na tayo ay kasangkot upang alisin ang sarili mula sa kanila upang sa ganon magkaroon tayo ng oras, mapanatili ang lakas, makabawas ng pagkabalisa at pagiisip ng mga bagay na hindi makakabuti sa atin o sa iba. Ito ang mga balakid sa atin mula sa paglilingkod sa Diyos at pagpapakita ng awa sa iba. Samakatuwid kailangan nating itakda ang ating priyoridad ng tama at alisin ang bawat aktibidad o kaganapan na hindi nakakapamunga sa ating buhay at ministerio at pumipigil sa atin mula sa pagiging mabuting katiwala.

10. Ang Mabuting Samaritano ay nagpakita ng kasipagan at hindi katamaran; Basahin ulit ang bukod na talata; dito ating makikita ang ilang salita na sinalungguhitan. "33 Datapuwa't ang isang Samaritano, sa kaniyang paglalakbay, ay dumating sa kinaroroonan niya: at nang siya'y makita niya, ay nagdalang habag, 34 At lumapit sa kaniya, at tinalian ang kaniyang mga sugat, na binuhusan ng langis at alak; at siya'y isinakay sa kaniyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at siya'y inalagaan. 35 At nang kinabukasa'y dumukot siya ng dalawang

denario, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya, at ang anomang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko." (Lucas 10:33-35) Ang sinalungguhitan ay pagkilos na salita na ang Samaritano ay nagsagawa at naglaan ng pagsisikap at nagbigay ng mga tagubilin. Ito din ay pagpapakita ng kasipagan ng Mabuting Samaritano. Sa ngayon marami ang mga Kristiyano ay hindi talaga naglilingkod sa Diyos hindi dahil ayaw nila ngunit dahil sila'y mga tamad ang kanilang katamaran ay naghiwalay sa kanila mula sa pagiging responsible at mabungang mga manggagawa. Kahit nais mong maipakita ang awa ngunit sa pagiging tamad ay hindi ka magiging epektibo. Tinawag tayo ng Diyos upang magsisi at umalis mula sa katamaran upang mamunga tayo ng mabuting bunga ay bunga na magtatagal.

Sa aking mahal at minamahal: Ating balikan ang mga puntos na ating nabanggit at tinalakay tungkol sa mabuting gawa ng Samaritano:

1. Upang ipakita ang awa ay alisin ang biktima mula sa lugar ng panganib.
2. Harapin ang biktima ng direkta at hindi sa pamamagitan ng panandalia;
3. Hindi mo magagamit ang iyong pera ng walang paglalagay in iyong mga kamay:
4. Pagpapakita ng awa ay paglalagay ng pisikal na pagsisikap at kagustuhan na magdusa:
5. Upang ipakita ang awa ay kailangan mong maglaan kung ito'y kinakailangan:
6. Ang pagsubaybay ay napakahalagang hakbang para ipakita ang awa:
7. Ang Mabuting Samaritano ay may adhikain upang paluguran ang Diyos:
8. Ang Mabuting Samaritano ay kumilos ng may tamang pagiisip:
9. Ang Mabuting Samaritano ay nagpakita ng mabuting pamamahala ng oras at pera:
10. Ang Mabuting Samaritano ay nagpakita ng kasipagan at hindi katamaran:

Pagnilayan ngayon ang mensahe at tingnan kung gaano ka kasangkot sa gawain ng Diyos at ginagawa ang katulad ng ginagawa ng Samaritano iyon.

Magnilay sa iyong sarili at tingnan ano ang wala at ano ang mga bagay na kailangan mo pa ring gawin at mabuo sa iyong sarili upang maging mahabaging tao na nais sayo ng Diyos maging:

Itinakda mo naba ng tama ang iyong mga priyoridad?

Nagtitiwala kaba sa Diyos na habang ipinapakita mo ang iyong awa sa iba. Siya ang magiingat sa mga bagay na kailangan mong makamit?

Nilinis mo na ba ang iyong puso mula sa sakit at galit at sama ng loob dahil sa naunang masamang pangyayari sa mga tao?

Naihanda mo na ba ang iyong sarili upang ilagay ang iyong mga kamay, upang magdusa at upang maglaan sa kahit kailan na kinakailangan upang maipaabot ang awa ng Diyos sa iba?

Pinapahalagahan mo ba ang pagtitipid, at ang mabuting pagsugo sa karapat dapat na tao upang kahit saang oras o trabaho na kinakailangan ang pera ay magagamit sila upang maipakita ang awa?

Ikaw ba ay masipag o tamad na tao?

Sa oras na ito huwag mong tingnan ang iba bagkus tingnan mo ang iyong sarili at tingnan kung ano ang nangyayari sa iyong buhay, at magsisi sa kaliwanagan ng Banal na Kasulatan na iyong natanggap.

Tayo ay manalangin:

Ama naming Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na siyan namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa ikatlong araw at binigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ihayag at talikuran ang lahat ng ating mga pagmamalaki, kawalan ng pangako, makasarili, kawalan ng kagustuhan tumulong sa iba, katamaran, galit, hindi pagpapatawad, sama mg loob sa puso, ayaw magbigay, ayaw maghirap, ayaw mag bahagi, at ang ating masamang pamamalakad. Ating talikuran ang ating katigasan ng ulo at ayaw sumunod sa kung ano ang gusto ng Diyos na gawin at gawain para sa Kanya.

Ating ipagkatiwala ang ating sarili upang sumunod sa katuruan sa mensaheng ito at ating linangin na magkaroon ng pananampalataya sa Diyos, upang magkaroon ng awa at upang ipakita ang awa sa iba, kahit sa mga taong hindi natin gusto.

Tayo magbigay pasasalamat sa Diyos para sa kaawaan na ating natanggap mula sa Kanya sa pagliligtas sa atin, sa pagpapatawad sa ating mga kasalanan, sa pagpapalaya sa ating kaguluhan at sa pagbibigay sa atin ng pabor at awa, at sa mga himala sa oras ng pangangailangan.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking buhay upang maging handa na ipakita ang awa bilang pagpapakita mo nga awa sa akin. Panginoon, Ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang dinggin ang iyong tinig at sa mga tagubilin ng iyong Salita na aking nalinang mula sa mensaheng ito. Panginoon I pinagkakatiwala ko ang aking sarili upang ipatupad ito sa aking buhay at magpatuloy na tumulong at sagipin ang mga tao na biktima ng kaguluhan, pangyayari at gawa ng diyablo. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang magpakita ng awa para sa mga taong inilagay mo sa aking daraanan, upang umalis at tulungan sila at gawin ang kinakailangan sa kanila.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na maging mabuting tagapamahala sa anumang ibinigay mo sa akin. Ipinangako ko ang aking sarili upang magipon ng pera upang ako'y makatulong sa iba kapag ang pangangailangan ay tumaas. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na maging masipag sa magpapatuloy upang tumulong sa mga nasa kagipitan at nasa kritikal na kondisyon. Panginoon protektahan mo ako at ibigay ang para sa akin. Panginoon tulungan mo ako sa mga kaguluhan at lutasin ang mga suliranin upang ako'y makapagpatuloy at tulungan ang iba.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumabab ng kanilang mga sarili sa harapan mo, tinalikdan ang kanilang mga kasalanan at sila'y handang ilapat ang prinsipyo na aming nalinang mula sa iyong Salita sa mensaheng ito at upang ipakita ang awa sa iba na nangangailangan at nasa kagipitan; Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang kanilang mga pangangailangan. Panginoon tulungan sila sa kanilang mga kaguluhan habang sila'y handang makisagawa kasama mo upang sagipin ang iba mula sa mga kaguluhan.

Panginoon gumawa ka ng himala sa kanilang buhay at punuin sila muli ng Banal na Espiritu at gawin ang testimonya ng kanilang buhay na kaakit-akit sa iba upang ang mga tao'y maniwala sayo at magsimulang sumunod sayo at mamuhay ayon sa iyong Salita. Panginoon gamitin mo sila upang makapagebanghelyo at makagawa ng mga alagad mo at upang ipakita ang awa sa iba.

Panginoon ibigay sa amin anh bunga ng Banal na Espiritu, pagibig,kagalakan,kapayapaan, pagpapakumbaba, pagpipigil sa sarili,pagtitiis, pagtitiyaga mahabang paghihirap, pananampalataya at katapatan upang magpatuloy at maglingkod sayo sa mabuting paraan na nagsasalamin ng katangian ni Jesus sa aming buhay sa pagtulong sa iba na nasa kaguluhan na nangangailangan ng aming kamay, aming pagsisikap, aming tulong at aming mga panalangin.

Panginoon kami'y nanalangin na payagan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at maabot ang bagong mga tao at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin aming lupain, sumaamin nawa ang Iyon kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan upang kami'y hindi masaktan. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig nh Diyos at pagkakaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.